ANNOUNCEMENT No. 03-2021

ANUNSIYO HINGGIL SA PANGANGAILANGAN SA PASSPORT

Nais ng Embahada na ibahagi ang mga *option* na ito sa mga pangangailangan ninyo sa *passport:*

1. PASSPORT VALIDITY EXTENSION

Ang passport validity extension ay para sa mga passport na **hindi pa paso (*not expired*).** Maaring i-extend ang validity ng inyong passport ng isang taon mula sa araw ng pag-proseso ng inyong request.

Magagamit ang extended passport kung kinakailangan ninyong lumabas ng bansa at mag-eexpire na ang passport ninyo sa loob ng anim na buwan.

Kung nais ipa-extend ang passport validity, mag-email sa paris.pe@dfa.gov.ph at ihanda ang mga sumusunod para maipadala by postal mail.

1. Nasagot na Extension of Passport Validity Form (i-download sa Embassy website)
2. Original Passport;
3. Envelope na may pangalan at address ng tatanggap (recipient). Ito ang gagamitin namin upang i-mail sa inyo ang inyong extended passport;
4. Stamp worth EUR7.00, at
5. Bayad na EUR18.00 (pakibasa ang paraan ng pagbabayad sa huling bahagi ng anunsiyo).

Kapag na-extend na ang passport ninyo, kumuha pa rin kayo ng appointment para sa inyong passport renewal.

2. TRAVEL DOCUMENT (TD)

Ang Travel Document ay valid lamang para sa **one-way travel to the Philippines**, ibig sabihin, isang beses lang ninyong pwedeng gamitin ang TD pauwi sa Pilipinas. Pagdating sa Pilipinas, kailangan ninyong mag-apply ng passport sa opisina ng Department of Foreign Affairs na pinakamalapit sa inyo,

Narito ang mga requirements para sa pag-apply ng TD:

1. Travel Document application form (i-download mula sa Embassy website)
2. Affidavit of Explanation
3. Four (4) recent passport-sized photos
4. Photocopy of Philippine passport (optional, kung mayroon lamang)
5. Proof of identity (valid IDs)
6. Bayad na EUR49.50

Karagdagang dokumento kung nawala ang passport:
1. Police report (kung ang passport ay di pa expired) – galing ito sa prefecture de police
2. Affidavit of Loss (i-download mula sa Embassy website)

Kung nais mag-apply ng travel document, magpadala ng email sa paris.pe@dfa.gov.ph.

Maari rin kayong hingan ng iba pang dokumento depende sa personal na sitwasyon ninyo (katulad ng proof of urgency: medical certificate, report of death, etc.)

Paraan ng pagbabayad:

- Online payment through online bank transfer. Kung nais ninyong magbayad via online bank transfer, kailangang ipaalam ninyo ito kapag ipinadala na ninyo ang inyong application sa Embahada, o
- Payment by Cheque de Banque payable to "Ambassade des Philippines". Hindi tinatanggap ng Embassy ang Personal Checks.

3. ATTESTATION PARA SA PASSPORT APPOINMENT

Nakipagugnayan ang Embahada sa mga awtoridad ng Pransiya upang ipagbigay alam at hilingin na tanggapin ang *Attestation* ng Embahada sa mga transakyong nangagailangan ng passport, katulad ng pag-renew ng *carte de sejour.*

Ang Attestation ay patunay na meron kayong confirmed appointment sa Embahada.

Kung kailangan ninyo ng Attestation at nakapag book na kayo ng appointment, i-email lamang sa Passport Division, paris.pe@dfa.gov.ph ang inyong request kasama ng mga susunod na detalye:

Appointment Date:
Appointment ID:
Last Name:
First Name:
Middle Name:
Date of Birth:
Place of Birth:

Kung may mga karagdagang katanungan at iba pang mga concerns, hinihikayat namin ang ating mga kababayan na mag-email sa paris.pe@dfa.gov.ph para direktang matugunan ng Embahada ang mga ito.

Maraming salamat.

Philippine Embassy, Paris
17 March 2021